KABILANG SA SEKSYON 504 NA MGA PAMAMARAAN NG PANGANGGALANG PARA SA MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA ANG:

- nakasulat na abiso kaugnay ng anumang mga desisyon tungkol sa pagkakakilanlan, pagsusuri, at/o kaluwagan ng mga mag-aaral;
- impormasyong kailangan sa pag-apela ng anumang naturang mga desisyon; at
- pagsusuri ng mga kaukulang rekord.

SEKSYON 504 PROSESO NG PAGREKLAMO

Ang nakasulat na Seksyon 504 na mga reklamong may kinalaman sa mga sumusunod ay maaaring dalhin sa administrador ng site ng paaralan:

- Hindi sumusunod ang paaralan sa mga patakaran/pamamaraang nasa Seksyon 504 ng Distrito
- Hindi pagsang-ayon sa mga desisyon ng paaralan tungkol sa Seksyon 504 kaugnay ng pagkakakilanlan, pagsusuri, o plano para sa mga kaluwagan/serbisyo sa mga mag-aaral
- Diskriminasyon, panggigipit o panliligalig (harassment), pambubully at pananakot batay sa kapansanan

Pakitandaan na dapat ihain ang mga reklamong diskriminasyon/panggigipit o panliligalig (harassment) sa loob ng anim (6) na buwan mula sa petsa kung kailan nangyari ang huling (mga) insidente o mula sa petsa kung kailan unang nakuha ang mga impormasyon tungkol sa diumano'y diskriminasyon.

Hinihikayat ang mga lokal na resolusyong pampaaraalan. Gayunpaman, kung hindi malulutas ang reklamo, maaaring magsampa ng nakasulat na reklamo sa Opisina para sa Mga Karapatang Sibil ng Estudyante (Office of Student Civil Rights).

OPISINA PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL NG ESTUDYANTE (OFFICE OF STUDENT CIVIL RIGHTS)

Seksyon 504:
"Walang kwalipikadong indibidwal na may kapansanan...na dahil lamang sa kanyang kapansanan, ay hindi isasama, pagkakaitan ng mga benepisyo, o makararanas ng diskriminasyon sa ilalim ng anumang programa o aktibidad para sa pagtanggap ng Pampederal na tulong pinansyal.

SAAN AKO MAKAKAKUHA NG KARAGDAGANG IMPORMASYON O TULONG?

Mangyaring makipag-ugnayan sa iyong paaralan o Rehiyon at hilingin na makipag-usap sa Nakatalaga para sa Seksyon 504

Website: https://www.lausd.org/oscr

District Section 504 Coordinator
333 S. Beaudry Ave, 18th Floor
Los Angeles, CA 90017

Email: EquityCompliance@lausd.net

Telepono: (213) 241-7682
Fax No: (213) 241-3312

OGC Office of the General Counsel | LAUSD UNIFIED

(TAGALOG)

OPISINA PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL NG ESTUDYANTE

SEKSYON 504 AT MGA ESTUDYANTENG MAY KAPANSANAN

PINAG-ISANG DISTRITO NG PAARALAN NG LOS ANGELES
OPISINA NG GENERAL COUNSEL

ANG SEKSYON 504 NG 1973 NA BATAS PARA SA REHABILITASYON (REHABILITATION ACT) AY ISANG BATAS PAMPEDERAL PARA SA MGA KARAPATANG SIBIL NA:

- nangangalaga sa mga karapatan hindi lamang ng mga indibidwal na may nakikitang kapansanan kundi maging yaong mga may kapansanang maaaring hindi nakikita.
- nagbabawal sa diskriminasyon/panggigipit o panliligalig (harassment) sa mga indibidwal na may kapansanan sa pag-iisip o pisikal upang makasama sa mga programa at aktibidad para sa pagtanggap ng Pampederal na tulong pinansyal mula sa Kagawaran ng Edukasyon ng U.S.
- nag-aatas na mabigyan ang mga estudyanteng may kapansanan ng libreng naaangkop na pampublikong edukasyon.

ANO ANG DISKRIMINASYON/PANGGIGIPIT o PANLILIGALIG (HARASSMENT) BATAY SA KAPANSANAN?

Ang diskriminasyon/panggigipit o panliligalig (harassment) batay sa kapansanan ay pananakot o pagiging abusado sa pakikitungo sa isang estudyante batay sa kapansanan na humahadlang o nagkakait sa isang estudyante para makasama o makatanggap ng mga benepisyo, serbisyo, o oportunidad sa mga programa at aktibidad ng Distrito.

PAANO NAAANGKOP ANG SEKSYON 504 SA MGA ESTUDYANTENG MAY KAPANSANAN?

Sa ilalim ng Seksyon 504, maaaring bumuo ng isang plano upang tulungan ang mga estudyanteng may kapansanan na hindi kwalipikado para sa mga serbisyo ng espesyal na edukasyon ngunit maaaring mangailangan ng mga kaluwagang puwedeng ibigay sa kanila sa loob ng programa para sa pangkalahatang edukasyon.

PAANO INILALARAWAN SA SEKSYON 504 ANG "KAPANSANAN?"

Ang isang estudyante ay itinuturing na may kapansanan kung siya ay may kapansanan sa pisikal o pag-iisip na lubos na naglilimita sa isa o higit pang mga pangunahing aktibidad sa buhay.

ANO ANG "MALAKING LIMITASYON (SUBSTANTIAL LIMITATION)?"

Itinuturing na may malaking limitasyon (substantial limitation) ang isang estudyante kapag "hindi siya makagawa ng isang pangunahing aktibidad sa buhay na kayang gawin ng karaniwang estudyanteng nasa pangkalahatang populasyon." Dapat na medyo kakaiba ang kapansanan kung ihahambing sa halos ka-edad na karaniwang estudyante.

ANO ANG "MGA PANGUNAHING AKTIBIDAD SA BUHAY?"

Maaaring kabilang sa mga pangunahing aktibidad sa buhay ang, ngunit hindi limitado sa, mga tungkulin gaya ng pag-aalaga sa sarili, pagsasagawa ng mga manu-manong gawain, paglalakad, pagmamasid, pagdinig, pagsasalita, paghinga, pag-aaral, pagtatrabaho, pagkain, pagtulog, pagtayo, pagbubuhat, pagyuko, pagbabasa, pagpokus, pag-iisip, at pakikipag-usap.

PAANO NASUSURI ANG ISANG ESTUDYANTE SA ILALIM NG SEKSYON 504?

Ang isang team ng paaralan ay magsasagawa ng pagsusuri kaugnay ng Seksyon 504 para sa isang estudyante na, dahil sa isang kapansanan, ay maaaring mangailangan ng mga kaluwagan sa programa para sa pangkalahatang edukasyon. Ang team ay:

1. may kaalaman tungkol sa estudyante;
2. magsusuri sa uri ng kapansanan ng estudyante at epekto ng kapansanan sa edukasyon ng estudyante;
3. isasaalang-alang ang lahat ng kaukulang impormasyon tungkol sa estudyante na nakuha mula sa iba't ibang mga mapagkukunan; at
4. bubuo ng Plano kaugnay ng Seksyon 504 kung nakaaabot sa pamantayan ang estudyante at kailangan ang mga kaluwagan.

ILANG HALIMBAWA NG TULONG NA MAAARING IBIGAY AYON SA PLANO KAUGNAY NG SEKSYON 504:

- Pagbabago sa paraan ng pagbibigay ng mga takdang-aralin/pagsusulit
- Pagpapaupo sa estudyante sa harapan ng klase
- Pagbuo ng plano ng suporta sa pag-uugali
- Paggamit ng mga karagdagang tulong sa pag-aaral
- Pagtugon sa dinadaanan sa pagbiyahe/pagtanggal ng balakid
- Pagpapatupad ng mga protokol pangkalusugan